

Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa Bentilasyon sa Lugar ng Trabaho

Ang isang mahalagang pagtugon sa pagpapababa ng mga konsentrasyon ng mga nakapagpaparumi sa panloob na hangin kabilang ang mga virus na maaaring nasa hangin ay ang pagdaragdag ng bentilasyon. Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng impormasyon sa kung paano mapapahusay ang bentilasyon sa pamamagitan ng pagpapabuti ng sirkulasyon ng hangin at pagsasala ng hangin.

Mga Kahulugan:

- **Bentilasyon** – Ang pagtutustos ng hangin sa isang espasyo o pagtatanggal ng hangin mula sa isang espasyo, alinman sa natural o mekanikal na pamamaraan, para sa layunin ng pagkontrol sa mga lebel ng dumi sa hangin, kahalumigmigan, o temperatura sa loob ng espasyo.
- **Air Handling Unit (AHU)** – Ang bahagi ng sistema ng pagpapainit, paglilinis at pagkokondisyon ng hangin na humihigop ng labas na hangin, sinasala ito, iniinit o pinalalamig ito, at pagkatapos ay itinutulak ito papunta sa (mga) silid.
- **Minimum Efficiency Reporting Values (MERV)** – Isang rating (1-20) ang ginagamit para sukatin ang pagka-epektibo ng mga panala ng hangin sa paghuli ng mga maliliit na butil. Ang mas mataas na MERV rating, ay nangangahulugan na mas epektibo ang panala.
- **Ultraviolet Germicidal Irradiation (UVGI)** – Isang pamamaraan sa pagdidisimpeka na gumagamit ng ultraviolet na ilaw para patayin o tanggalin ang pagkaaktibo ng mga mikroorganismo.

Bago ipagpatuloy ang mga operasyon ng negosyo, siguraduhin na handa na ang gusali para sa muling pag-ookupa at ang sistema ng bentilasyon ay wastong gumagana. Kung ang Heating/Ventilation/Air Conditioning System (HVAC) ay pinatay na, sumangguni sa mga pamamaraan ng tagagawa sa muling pagsisimula (restart procedures). Kung may plano kang gumawa ng anumang mga pagbabago o modipikasyon, palaging makipag-usap sa isang taong may kaalaman sa sistema ng bentilasyon (halimbawa, ang inhinyero ng gusali o manager ng gusali).

DAGDAGAN ANG SIRKULASYON NG HANGIN

- Dagdagan ang panlabas na hangin sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga bintana (kung mayroon man at kung ligtas itong gawin) para tumulong panipisin ang panloob na hangin. Kung walang mga bintana, buksan ang panghigop ng panlabas na hangin (outdoor air intake) sa AHU para pahintulutang pumasok ang mas maraming panlabas na hangin at bawasan ang dami ng hangin na muling umiikot.
- Buksan ang AHU nang dalawang oras bago ma-okupa ang mga espasyo at patayin dalawang oras pagkatapos.
- Tiyakin ang exhaust fan ng banyo ay gumagana sa ganap na kapasidad kapag ang gusali ay na-okupa.
- Iwasan ang paglilinis ng maliliit na tubo (duct cleaning) sa panahon ng pandemya para maiwasan ang pagpapakawala ng mga butil ng virus papunta sa hangin. Ang paglilinis ng maliliit na tubo (duct cleaning) ay maaaring gawin sa isang gusaling walang laman ngunit ang bentilasyon ay dapat patakbuhan sa loob ng isang araw para matanggal ang anumang mga pakalat-kalat na butil na hindi nakukuha sa paglilinis ng mga panala (filters) bago ang muling pag-ookupa.

Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa Bentilasyon sa Lugar ng Trabaho

PAGHUSAYIN ANG PAGSASALA NG HANGIN

- Gumamit ng mga panala ng hangin na grinaduhan ng mas mataas ng MERV (MERV 13). Maaaring ito ay mangailangan ng mas madalas na pagpapalit dahil sa ang panala ay maaaring mas madaling maging kargado ng alikabok at maliliit na butil.
- Siguruhin na ang mga panala (filters) ay tamang-tamang kasya sa filter housing at tumingin ng mga paraan para pababain ang filter bypass.
- Isaalang-alang ang pagdaragdag ng UVGI sa sistema ng bentilasyon para gawing hindi aktibo ang virus.
- Ang mga naililipat-lipat na panglinis ng hangin (air cleaner) na may high-efficiency particulate air (HEPA) na mga panala (filters) ay maaaring gamitin para paghusayin ang paglilinis ng hangin sa mga lugar na may mas mataas na panganib.

Ang sistema ng HVAC ay makapagpapababa ng tao-sa- tao na pagkakalantad kapag ginamit kasama ng iba pang mga kasanayan sa pagkontrol ng impeksyon tulad ng pagsusuri, paggamit ng mga pantakip ng mukha, pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya, paglilinis ng madalas na mahawakang mga ibabaw, at paghuhugas ng mga kamay.

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring bisitahin ang:

- <https://www.epa.gov/coronavirus/indoor-air-and-coronavirus-covid-19>
- <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/office-buildings.html>